

# Paano iimbitahan ng 2020 Senso ang lahat na sumagot


**Halos bawat sambahayan** ay makatatanggap ng imbitasyon na sumali sa 2020 Senso mula sa koreo o mula sa isang tagapanayam.

### 95% ng mga sambahayan

ay makatatanggap ng kanilang imbitasyon sa senso sa koreo.

### Halos 5% ng mga sambahayan

ay makatatanggap ng kanilang imbitasyon sa senso kapag inihatid ito ng isang tagapanayam. Sa mga lugar na ito, maaaring hindi makatanggap ng sulat ang karamihan ng sambahayan sa pisikal na lokasyon ng kanilang tirahan (tulad ng mga sambahayan na gumagamit ng mga P.O. Box o mga lugar na apektado ng mga likas na kalamidad).



### Mas mababa sa 1% ng mga sambahayan

ang personal na bibilangin ng tagapanayam, sa halip na imbitahang sumagot nang mag-isa. Ginagawa namin ito sa malalayong lugar tulad ng mga bahagi ng hilagang Maine, malalayong lugar sa Alaska, at sa mga piling lugar ng Amerikanong Indian na humihiling na mabilang nang personal.

Tandaan: Mayroon kaming mga espesyal na pamamaraan upang mabilang ang mga tao na hindi nakatira sa mga sambahayan, tulad ng mga estudyanteng naninirahan sa mga dormitoryo, mga taong naninirahan sa mga tirahan na may taga-alaga (nursing home), o mga taong nakakaranas ng mawalan ng tirahan.

**2020CENSUS.GOV**

Shape your future START HERE >

United States® Census 2020

D-FS-GP-EN-135

# Ano ang dapat asahan sa koreo

**Kapag oras nang sumagot, makakatanggap ang karamihan sa mga sambahayan ng imbitasyon sa koreo. Ang bawat sambahayan ay magkakaroon ng opsyon na sumagot online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo.**

Depende sa kung gaano kamalamang na sasagot online ang iyong lugar, makakatanggap ka ng alinman sa isang imbitasyon na hinihikayat kang sumagot online o isang imbitasyon na may kasamang papel na palatanungan.

## Sulat na imbitasyon

- Malamang na sumagot online ang karamihan sa mga lugar ng bansa, kaya makakatanggap ang karamihan sa mga sambahayan ng sulat na humihiling sa kanilang mag-online upang makumpleto ang palatanungan ng senso.
- Nakikipagtulungan kami sa U.S. Postal Service upang ayusin ang paghahatid ng mga imbitasyon sa loob ng ilang araw. Sa ganitong paraan maaari naming maikalat ang bilang ng mga gumagamit na sumasagot online, at magagawa naming mas mahusay na maglingkod sa iyo kung kailangan mo ng tulong sa telepono.

## Sulat na imbitasyon at papel na palatanungan

- Makakatanggap ang mga lugar na mas malamang na hindi sumagot online ng isang papel na palatanungan kasama ang kanilang pakete. Kasama rin sa pakete ang impormasyon tungkol sa kung paano sumagot online o sa pamamagitan ng telepono.

## Naiintindihan namin na maaari mong makaligtaan ang aming unang sulat sa koreo.

- Makakatanggap ang bawat sambahayang hindi sumagot ng mga paalaala at sa huli ay makakatanggap ng papel na palatanungan.
- Kung hindi ka sumagot online, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng koreo, personal kaming magpa-follow up.

## Ano ang ipapadala namin sa iyo sa koreo:

**Marso 12–20**

Isang imbitasyon upang sumagot online sa 2020 Senso.

**(Makakatanggap din ang ilang sambahayan ng mga papel na palatanungan.)**

**Marso 16–24**

Isang sulat ng paalala.

### Kung hindi ka pa sumasagot:

**Marso 26–Abril 3**

Isang postcard ng paalala.

**Abril 8–30***

Isang sulat ng paalala at papel na palatanungan.

* Pinalawig mula Abril 8-16 upang magpahintu-lot ng higit pang panahon para matugunan ang mga paketeng pangkoreo sa gitna ng pagdidis-tansya sa mga tao.

**Abril 27–Mayo 9****

Isang huling postcard ng paalala bago kami mag-follow up nang personal.

** Iniurong mula Abril 20-27 upang mapahin-tulutan ang pagdating ng pakete ng papel na palatanungan ng ilang araw bago ang huling postcard.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:

**2020CENSUS.GOV**

Shape your future START HERE >

United States® Census 2020

D-FS-GP-EN-135